

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka $\frac{\quad}{15}$

Simuno at Panaguri

May dalawang bahagi ang pangungusap, ang simuno at ang panaguri. Ang buong **simuno** ay ang mga salita na tumutukoy sa pinag-uusapan sa pangungusap. Ang buong **panaguri** ay ang mga salitang nagsasabi tungkol sa simuno, kung ano ang ginagawa ng simuno o ano ang nangyayari sa simuno.

Halimbawa: $\underbrace{\text{Ang kaibigan ko}}_{\text{simuno}} \underbrace{\text{ay nakatira sa tabi ng dagat}}_{\text{panaguri}}$.

Sa halimbawa na ito, ang mga salitang “Ang kaibigan ko” ay ang buong simuno at ang mga salitang “ay nakatira sa tabi ng dagat” ang buong panaguri.

A. *Panuto*: Salungguhitan ang buong simuno sa bawat pangungusap.

1. Kami ay maglalakad papunta sa simbahan.
2. Si Nanay ay pupunta sa palengke mamaya.
3. Nagluluto ng tinolang manok si Ate Mila.
4. Mabait at masunurin na bata ang pinsan ko.
5. Ang itim na pusa ay natutulog sa ilalim ng mesa.
6. Sina Felix at Mike ay naglalaro ng basketbol sa parke.
7. Ang kotse ni Mang Tony ay nakaparada sa harap ng tindahan.

B. *Panuto*: Salungguhitan ang buong panaguri sa bawat pangungusap.

8. Mabango ang mga bulaklak sa plorera.
9. Binigyan ng magandang damit si Trina.
10. Sa Oktubre ang kaarawan ni Binibining Lina.
11. Sina Lolo at Lola ay sasama sa atin sa Luneta.
12. Tumawa nang malakas ang nanonood ng pelikula.
13. Ang pag-alaga ng hayop ay malaking responsabilidad.
14. Tumakbo nang mabilis ang asong pinakawalan.
15. Mabuti para sa katawan ang araw-araw na pag-eehersisyo.

Talâ: simuno - *subject*, panaguri - *predicate*